# Pagsubok at Patotoo

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Sis Techie M. Rodriguez

Agosto 5, 2023

Ang tao ay madalas subukan ng Diyos. Sinubukan ng maraming beses si Abram (Abraham). Noong sinabi ng Diyos na iwan niya ang kanyang ama at dalhin ang kanyang pamilya (ang asawa niyang si Sarai at pamangkin na si Lot), ang mga ari-arian at mga alagang hayop sa ibang lupain, sumunod siya dahil sa kanyang pananampalataya. Bilang Kristiyano, ang ating espiritwal na paglalakbay ay mahaba, paikot-ikot sa daang walang katiyakan; kaya isuko natin ang ating sarili sa Diyos at papatnubayan Niya ang ating buhay. Makikipaglaban Siya sa mga masasama at ipapanalo Niya tayo sa ating mga laban at magwawagi tayo laban sa masasama.

**1) HINDI MATANGGIHANG TAWAG NG DIYOS (Gen.12:1-5)**

1. Tinawag ng Diyos si Abraham sa kanyang pangalan. Sinabi Niya kay Abram na lisanin na niya ang UR, ang sentro ng pag-unlad ng ekonomiya, komersiyo at kultura; gayunpaman, ito rin ang sentro ng mga paganong pagpupuri at ito ay makasalanang bayan. Kaya, gusto ng Diyos na ihiwalay siya sa mga sumasamba sa diyus-diyusan at sa mga taong makaka-impluwensya sa kanya ng mali. Mabilis na tumugon si Abraham.
2. Kapag tumawag ang Diyos, ito ay laging personal.Tinatawag Niya tayo sa ating pangalan, "Ikaw ay akin"(Isa.43;1, Juan 3:10). Inihihiwalay Niya tayo sa mga kaibigan nating hindi maganda ang itinuturo sa atin (1Juan2:15). Hindi tayo magamit ng Diyos kung tayo ay nagpapagamit pa rin sa mundo.
3. Tinatawag Niya tayong mamuhay malayo sa kasalanan. "At kung ako ma'y buhay hindi na ako nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin" (Gal.2:20).
4. Dagdag pa nito, gusto ng Diyos na may ugnayan tayo sa Kanya. Nakikiramay Siya sa atin tulad ng pakikiramay natin sa iba upang magaya natin ang ginagawa Niya sa atin.

**2) KAILANGAN NG PAGSUNOD ANG PANANALIG**

1. Ang layunin ng pananalig ay Diyos lamang. Nasusubok ang ating pananampalataya sa pagsunod. Katulad ni Abraham maraming beses siyang sinubukan ngunit nanatili siyang matapat sa Diyos. Ito ang dahilan kaya ginawa siyang ama ng maraming bansa.
2. Sa pamamagitan ng ganap na pagsunod, tayo ay tinatanggap sa tahanan ng Diyos. Sa kabaliktaran, nakapapasok ang kasalanan dahil sa hindi pagsunod. Kasalanang gaya ng pakikiapid, pagnanakaw, immoral na gawain at iba pang gawaing nakapaghihiwalay sa atin sa Diyos. Hindi pagsunod ang: a) pagpaliban sa mga gawaing ipinagkatiwala sa atin; b) napilitang sumunod.
3. NAGING MASUNURIN SI HESUKRISTO HANGGANG KAMATAYAN. Nilisan ni Hesus ang Kanyang tahanan sa langit upang sumunod sa Kanyang Ama dahil sa Kanyang pagmamahal. "Nagpakumbaba Siya at sumunod hanggang kamatayan" (Fil.2:8).

**3) Ang Pangako Ng Diyos kay Abram (Gen12:2-3)**

Sa pagsunod ni Abram, may 3 bagay ang ipinangako ng Diyos sa kanya: Bibigyan siya ng lupain; maging ama siya ng maraming bansa at bibigyan siya ng maraming biyaya (Gen.12-23).

**4) Ang Magandang Plano ng Diyos sa atin**

Ang pagtawag ng Diyos ay may kalakip na pangitain. Nakikita ba natin ang plano ng Diyos sa atin? "Batid Kong lubos ang mga plano Ko sa inyo" (Jer.29:11).

**Konklusyon:**

Bahagi ng buhay Kristiyano ang pagkilos ng parang ambasador sa ating pamayanan. Habang nakararanas tayo ng mga tagumpay laban sa mga pagsubok, maging saksi tayo ng Diyos upang magdulot ng inspirasyon na ang bawat suliranin, sakit at paghihirap ay may kasagutan. Ipahayag natin ang pagmamahal ng Diyos sa ating kamag-anak, kaibigan, katrabaho at sa mga hindi pa nakakakilala sa Kanya.

**Pagninilay:** 1. Masunurin ka ba sa tinig o sa kagustuhan ng Diyos? 2. Ano ang handa mong isuko upang maparangalan ang Diyos? 3. Paano mo ibabahagi ang maganda mong karanasan sa Diyos?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P.Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida A. Cruz
For more teachings, visit our website:
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pananampalataya,# Pagsunod